

Mga Komunikasyon sa Tagalog

Mga Madalas Itanong

Pag-aaral sa Bahay – Mga Bagong Pasok na Mag-aaral

1. Kailangan bang ulitin ng anak ko ang taon ng paaralan o anumang mga kurso?

Hindi dapat maapektuhan ng pandemya ang edukasyon ng inyong anak. Lahat ng mag-aaral na pumapasa bago nagsara ang mga paaralan ay dapat na makalipat na sa susunod na antas o matanggap ang kanilang mga credit. Kung hindi ito ang kaso, makikipag-ugnay sa iyo ang mga kawani ng paaralan para talakayin ang sitwasyon ng inyong anak.

2. Mayroon bang isinasagawang plano sa pag-aaral para sa mga mag-aaral?

Oo, makikipag-ugnay ang mga guro sa bawat isa sa kanilang mga mag-aaral para magpatupad ng plano para sa pagtitiyak na tuloy-tuloy ang kanilang pag-aaral. Isasaalang-alang ng mga plano ang mga limitasyon at espesyal na pangangailangan ng mga mag-aaral.

Bukod dito, ang website na jemeduque.ca ay nagmumungkahi ng ilang pang-edukasyong aktibidad para sa mga magulang at mag-aaral.

Maikling paglalarawan ng mga inaasahan

Mga Grado	Mga target na oras/panahon	Mga pangunahing subject na apektado
K - 2	1 oras + 30 minuto ng pagbabasa + 30 minuto ng pisikal na aktibidad	Pagbabasa Matematika
3 - 5	1 oras + 30 minuto ng pagbabasa + 30 minuto ng pisikal na aktibidad	Pagbabasa Matematika Agham
6 - 8	2 oras + 30 minuto ng pagbabasa + 30 minuto ng pisikal na aktibidad	Pagbabasa Matematika Agham Araling Panlipunan
9 - 10	2.5 oras + 30 minuto ng pagbabasa + 30 minuto ng pisikal na aktibidad	Pagbabasa, pagsusulat, French Matematika Iba pang mga kurso ng semestre Pagpapatuloy ng mga online na kurso kung nakapagpatala
11 - 12	2.5 oras + 30 minuto ng pagbabasa + 30 minuto ng pisikal na aktibidad	Pagbabasa, pagsusulat, French Matematika Iba pang mga kurso ng semestre Pagpapatuloy ng mga online na kurso kung nakapagpatala

3. Makakatanggap ba ng isa pang report card ang anak ko na nasa elementarya para sa taon ng paaralan na 2019-2020?

Hindi, dahil sa mga sumusunod, wala nang ii-isyu na report card sa antas ng elementarya para sa taon ng paaralan na 2019-2020.

- Maraming guro ang hindi nagkaroon ng pagkakataon na tasahin ang progreso ng lahat ng kanilang mag-aaral o ipasok ang mga obserbasyong ito sa system ng pamamahala ng mga resulta bago nagsara ang mga paaralan.
- Dahil maraming mag-aaral ang hindi makagawa ng kanilang gawain sa paaralan/asignatura sa bahay mula gitna ng Marso hanggang sa katapusan ng taon ng paaralan dahil sa iba't ibang dahilan (may kaugnayan sa pamilya, koneksyon sa Internet, atbp.), hindi magsasagawa ang mga guro ng anumang pormal na pagtatasa ng progreso o pagganap ng mag-aaral.

May makikitang mensahe sa ibaba ng huling ulat ng progreso (R1 – Disyembre 2019) sa file ng mag-aaral, na nagsasaad na naputol ang taon ng paaralan, at walang ibang report ang ii-isyu para sa taon ng paaralan na 2019-2020.

Pakidirekta ang anumang mga tanong o alalahanin tungkol sa progreso at pagganap ng inyong anak sa guro ng inyong anak.

4. Dahil sarado ang mga paaralan, paano matutugunan ng anak ko ang mga inaasahan sa paparating na taon ng paaralan?

Mahalagang makipagtulungan sa guro hangga't maaari para tiyakin na patuloy ang pag-aaral sa bahay habang sarado ang mga paaralan.

Sa simula ng susunod na taon ng paaralan, maghahanda ang mga guro ng profile ng klase nila at isasaayos ang pagpapalano para sumalamin sa antas ng mga mag-aaral pagdating sa kanilang pag-aaral.

5. Magtatapos ba ang aking anak na nasa Grade 12?

Ang lahat ng mag-aaral na naka-iskedyul na magtapos ay makakatanggap ng kanilang diploma. Kung hindi ito ang kaso, makikipag-ugnay sa iyo ang mga kawani ng paaralan para talakayin ang sitwasyon ng inyong anak.

6. Makakatanggap ba ng isa pang report card ang anak ko na nasa haiskul para sa taon ng paaralan na 2019-2020?

Oo, sa katapusan ng taon ng paaralan, makakatanggap ang inyong anak ng panghuling report card. Narito ang kung ano ang ilalagay sa report card:

- Ang resulta para sa bawat kurso na nakumpleto ng inyong anak noong Enero (unang semestre na kurso).
- Maliban sa mga bukod tanging sitwasyon, makikita ang markang CIC (credited incomplete course) para sa bawat kursong sinimulan noong Setyembre o huling bahagi ng Enero ngunit hindi nakumpleto dahil nagsara ang mga paaralan (ang mga ikalawang semestre na kurso at mga pang-buong taon na kurso).
- May makikitang mensahe sa ibaba na nagsasaad na, *“Dahil sa pagsasara ng mga paaralan dulot ng COVID-19, binigyan ang mag-aaral ng markang CIC (credited incomplete course) para ipahiwatig na nakatanggap ng credit ang mag-aaral para sa kurso kahit na hindi natugunan ang lahat ng mga rekisito ng kurso.”*
- Isang pangkalahatang average para sa kasalukuyang taon na sumasalamin lang sa mga resultang nakamit hanggang sa katapusan ng Enero 2020 (unang semestre na kurso at unang kalahati ng mga pang-buong taon na kurso).

Makikita ang panghuling report card ng inyong anak sa [portal ng magulang/mag-aaral](#).

7. Tatanggapin ba ng mga institusyong para sa post-secondary na inaplayan ng anak ko na nasa Grade 12 ang transcript ng anak ko?

Oo, ang mga transcript ay ipapadala sa mga institusyong para sa post-secondary tulad ng dati.

8. Magkakaroon ba ng seremonya at mga aktibidad sa pagtatapos?

Hangga’t maaari, isasagawa ang ilang kaganapan. Gayunpaman, maaaring hindi posible na magsagawa ng mga seremonya na tulad ng ginagawa noong mga nakaraang taon. Makakatanggap ka ng higit na impormasyon tungkol sa mga posibleng kaganapan at petsa, kasama ang mga detalye tungkol sa kung paano isasagawa ang mga kaganapang ito.

9. Nasa Grade 12 ang anak ko. Maaari bang ituloy ng anak ko ang mga pag-aaral sa post-secondary sa susunod na taon?

Ang lahat ng institusyong para sa post-secondary ay apektado rin ng COVID-19 at kailangang magsagawa ng plano ng transisyon para isaalang-alang ang realidad na ito. Sinasabi ng mga institusyong para sa post-secondary sa New Brunswick na ang pagsasara ng mga paaralan ay walang magiging epekto sa pagtanggap ng mga mag-aaral.

Ibibigay ang higit pang detalye tungkol sa mga plano sa transisyon ilang linggo mula ngayon.

10. Maaari bang makapasok sa paaralan para makuha ang mga personal na gamit ng aking anak?

Nitong mga nakaraang linggo, nagkaroon ang mga mag-aaral at ang kanilang mga magulang ng pagkakataon na kunin ang mga personal na gamit at pang-teknolohiyang kagamitan na naiwan sa paaralan. Kung hindi mo ito nagawa, paki-email ang paaralan ng inyong anak o mag-iwan ng mensahe sa telepono para makatanggap ka ng higit na impormasyon at mga tagubilin.

11. Ano ang mga patnubay na susundin kapag ginagamit ang mga kagamitang panteknolohiya ng Kagawaran?

Dapat sundin ng mga mag-aaral na humihiram ng kagamitang panteknolohiya mula sa Kagawaran ang mga patnubay na ito:

- Gamitin ang kagamitang panteknolohiya para sa mga layuning pang-edukasyon lang.
- Ingatan ang panteknolohiyang device at ang power cord nito.
- Huwag mag-download ng mga app o laro sa device.
- Ibalik ang panteknolohiyang device kapag muling nagbukas ang mga klase.
- Sumunod sa Patakaran sa 311 – [Paggamit ng mga Teknolohiya para sa Impormasyon at Komunikasyon](https://www2.gnb.ca/content/gnb/biling/eecd-edpe.html) ng Kagawaran ng Edukasyon (<https://www2.gnb.ca/content/gnb/biling/eecd-edpe.html>).

12. Ano ang dapat kong gawin para matulungan ang aking anak na magpatuloy sa pag-aaral kung wala kaming serbisyo ng Internet sa bahay?

Upang suportahan ang mga pamilya sa pagpapatuloy ng pag-aaral ng kanilang anak, ang Pamahalaan ng New Brunswick ay nagpasyang magbigay ng serbisyo ng Internet para sa mga bahay na hindi konektado. Kasalukuyang isinasagawa ang mga hakbang upang ikonekta ang mga bahay na ito sa isang Internet network.

13. Saan ako dapat pumunta para sa higit na impormasyon tungkol sa pagsasara ng mga paaralan?

Maaari mong tawagan nang libre ang Kagawaran ng Edukasyon at Early Childhood Development sa 1-844-288-3888 (7 a.m. hanggang 9 p.m., Lunes hanggang Huwebes; 7 a.m. hanggang 5 p.m., tuwing Biyernes, at 8 a.m. hanggang 4 p.m., tuwing Sabado at Linggo). Maaari mo ring bisitahin ang website ng distrito para sa lahat ng update.